

Affordable Connectivity Program Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs) Tungkol sa Pagtatapos ng ACP (Wind-Down)

Layunin: Sa pamamagitan ng Bipartisan Infrastructure Law, inatasan ang Federal Communications Commission (FCC) na mag-develop at magpanatili ng Affordable Connectivity Program (ACP) – isang programa ng gobyerno na nag-aalok ng diskwento sa buwanang bayad sa internet at isang one-time na diskwento sa pagbili ng laptop, desktop computer, o tablet para sa mga kwalipikadong sambahayan. Mahigit sa 23 milyong kwalipikadong sambahayan ang kasalukuyang naka-enroll at nakakatanggap ng buwanang diskwento. Gayunpaman, nauubos na ang 14.2 bilyong dolyar na pondo na inilaan ng Kongreso para sa ACP. Dahil sa kakulangan ng karagdagang pondo para sa ACP, inianunsyo ng Komisyon na ang Abril 2024 ang magiging huling buwan na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng *buong* diskwento ng ACP, gaya ng natanggap nila sa nakaraang mga buwan. Maaaring makatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng *bahagyang* diskwento ng ACP sa Mayo 2024. Pagkatapos ng Mayo 2024, maliban na lang kung magbigay ang Kongreso ng karagdagang pondo, hindi na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng benepisyo ng ACP at magtatapos na ang ACP. Bilang resulta, nagsimula nang magsagawa ang FCC ng mga hakbang para sa tapusin na (wind-down) ang ACP.

Nasa ibaba ang mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa proseso ng pagtatapos ng ACP.

FAQs: Para sa mga Sambahayang Naka-enroll sa ACP	1
FAQs: Outreach at Pagbibigay Kaalaman	7

FAQs: Para sa mga Sambahayang Naka-enroll sa ACP

1. Ano ang Affordable Connectivity Program (ACP)?

Ang Affordable Connectivity Program (ACP) ay isang programa ng gobyerno na nagbibigay ng diskwento sa mga kwalipikadong sambahayan ng hanggang \$30 bawat buwan para sa serbisyo sa internet at hanggang \$75 bawat buwan para sa mga sambahayan sa mga kwalipikadong Tribal land. Maaaring makatanggap din ang mga kwalipikadong sambahayan ng isang one-time na diskwento na hanggang \$100 para sa pagbili ng laptop, desktop computer, o tablet mula sa mga kompanya ng internet na kasali, kung ang sambahayan ay magbibigay ng higit sa \$10 at mas mababa sa \$50 bilang kontribusyon sa presyo ng pagbili.

2. Ano ang nangyayari sa ACP?

Nauubos na ang pondong una nang inilaan para sa ACP. Dahil walang karagdagang pondo mula sa Kongreso, ang Abril 2024 ang magiging huling buwan na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng buong diskwento ng ACP, gaya ng natanggap nila sa nakaraang mga buwan. Maaaring makatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng bahagyang diskwento sa Mayo 2024. Kung walang karagdagang pondo mula sa Kongreso, pagkatapos ng Mayo 2024 ay magtatapos na ang ACP at hindi na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng benepisyo ng ACP.

3. Ano ang ibig sabihin ng wind-down para sa ACP?

Ang wind-down ay tumutukoy sa mga hakbang na ginagawa ng Komisyon upang magbigay ng impormasyon sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP tungkol sa mga paraan para mapanatili ang

kanilang koneksyon sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP at upang patuloy na makakuha ng impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa kanilang bill at serbisyo sa internet.

4. Kailan huminto ang ACP sa pagtanggap ng mga bagong aplikasyon at enrollment?

Huminto ang ACP sa pagtanggap ng mga bagong aplikasyon at enrollment noong Pebrero 8, 2024. Parehong mga aplikasyon sa papel at elektroniko ay tinanggal na at hindi na available.

5. Ano ang mangyayari kung hindi makatanggap ng higit pang pondo ang ACP mula sa Kongreso?

Kung walang karagdagang pondo mula sa Kongreso, pagkatapos ng Mayo 2024 ay magtatapos na ang ACP at hindi na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng benepisyo ng ACP.

6. Ano ang mahahalagang petsa na dapat malaman ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP tungkol sa wind-down ng ACP?

- **Enero 11, 2024:** Naglabas ang FCC ng [Order](#) na naglalarawan sa proseso ng wind-down.
- **Enero 25, 2024:** Sa petsang ito, ang mga sambahayang tumatanggap ng buwanang diskwento ng ACP ay dapat nang nakatanggap ng unang abiso mula sa kanilang kompanya ng internet na may impormasyon tungkol sa pagtatapos ng ACP.
- **Pebrero 8, 2024:** Huminto na ang ACP sa pagtanggap ng mga bagong aplikasyon at enrollment. Tinanggal na ang parehong aplikasyon ng ACP sa papel at elektroniko at hindi na ito available. Ang mga sambahayang naaprubahan at nag-sign up sa isang kompanya ng internet bago ang petsang ito at nananatiling naka-enroll sa programa ay patuloy na makakatanggap ng kanilang mga diskwento ng ACP sa panahon ng proseso ng wind-down hanggang sa matapos ang ACP.
- **Marso 4, 2024:** Naglabas ang FCC ng isang [Pampublikong Abiso](#) na nag-aanunsyo na ang Abril 2024 ang magiging huling buwan na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng buong diskwento ng ACP, gaya ng natanggap nila sa nakaraang mga buwan. Maaaring makatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng bahagyang diskwento sa Mayo.
- **Marso 19, 2024:** Makakatanggap ng pangalawang abiso ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP mula sa kanilang kompanya ng internet na ang ACP ay magtatapos na at ang epekto nito sa kanilang serbisyo sa internet at mga bill. Ang pangatlong abiso ay isasama bilang bahagi ng huling bill o billing cycle kung saan in-apply ang buong diskwento ng ACP.
- **Abril 2024:** Kung hindi magbibigay ang Kongreso ng karagdagang pondo, ang Abril 2024 ang magiging huling buwan na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng buong diskwento ng ACP, gaya ng natanggap nila sa nakaraang mga buwan.
- **Mayo 2024:** Kung hindi magbibigay ang Kongreso ng karagdagang pondo, maaaring makatanggap ng bahagyang diskwento ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP mula sa kanilang mga kompanya ng internet sa Mayo 2024.

- **Pagkatapos ng Mayo 2024:** Kung hindi magbibigay ang Kongreso ng karagdagang pondo, mauubos ang pondo ng ACP at hindi na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng benepisyo ng ACP.

7. Ano ang ibig sabihin ng “huling buwan na may buong pondo ng ACP sa Abril 2024”?

Ang huling buwan na may buong pondo ng ACP ay tumutukoy sa huling buwan (Abril 2024) na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng buong diskwento ng ACP, gaya ng natanggap nila sa nakaraang mga buwan.

8. Ano ang ibig sabihin ng “bahagyang diskwento ng ACP sa Mayo 2024” para sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP?

Pagkatapos ng pagbibigay ng mga buong diskwento sa Abril 2024, maaaring makatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng bahagyang diskwento ng ACP mula sa kanilang mga kompanya ng internet sa Mayo 2024 kung (1) pinili nilang magpatuloy sa serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng buong diskwento ng ACP at (2) nagdesisyon ang kanilang kompanya ng internet na magbigay ng bahagyang diskwento. Ipapaalam ng mga kompanya ng internet sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP kung ang bahagyang diskwento ay mag-a-apply sa kanila. Maaari ding kontakin ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ang kanilang mga kompanya ng internet para sagutin ang mga tanong nila.

9. Paano magdedesisyon ang mga kompanya ng internet sa halaga ng bahagyang diskwento na ibibigay sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP sa Mayo 2024?

Magkakaroon ng opsyon ang mga kompanya ng internet kung gusto nilang magbigay ng bahagyang diskwento ng ACP sa Mayo 2024. Kung magdesisyon ang kompanya ng internet na magbigay ng bahagyang diskwento, ang halaga ng bahagyang diskwento ay nakadepende sa desisyon ng kompanya ng internet. Ibibigay lang ang bahagyang diskwento sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP na piniling magpatuloy sa kanilang serbisyo sa internet kahit matapos na ang ACP. Ipapaalam ng mga kompanya ng internet sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP kung ang bahagyang diskwento ay mag-a-apply sa kanila. Maaari ding kontakin ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ang kanilang mga kompanya ng internet para sagutin ang mga tanong nila.

10. Paano makakapag-opt out ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP sa kanilang kasalukuyang serbisyo sa internet kapag natapos na ang ACP?

Maaaring magdesisyon ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP na hindi na ituloy ang kanilang kasalukuyang serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP (“opt-out”). Magagawa nila ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang kompanya ng internet at pagsasabi sa kanila na hindi na nila nais tumanggap ng serbisyo sa internet mula sa kompanya pagkatapos ng pagtatapos ng ACP.

11. Paano malalaman ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP kung sila ay naka-opt in upang magpatuloy ng serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP?

Ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ay maaaring tinanong ng kanilang mga kompanya ng internet kung nais nilang magpatuloy sa serbisyo (opt in) pagkatapos ng pagtatapos ng ACP. Maaaring tinanong sila noong nag-sign up sila para makatanggap ng diskwento ng ACP sa kanilang kompanya ng internet o kamakailan lamang.

Magpapatuloy ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP sa pagtanggap ng serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP kung sila ay:

- Sumang-ayon noong nakaraan na magpatuloy sa serbisyo sa internet mula sa kanilang kompanya ng internet.

- Nagbayad para sa serbisyo sa internet mula sa kanilang kompanya ng internet BAGO sila nagsimulang tumanggap ng diskwento ng ACP.
- Kasalukuyang nagbibigay ng kontribusyon sa gastos ng kanilang serbisyo sa internet kahit may diskwento na ng ACP.
 - Kabilang dito ang mga sambahayang nagbibigay ng kontribusyon sa gastos para sa anumang bahagi ng mga bundled na serbisyo (tulad ng mga bundled na serbisyo sa voice, internet, at texting o video at internet) na kasama ang ACP-supported na serbisyo sa internet.

HINDI magpapatuloy ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP sa pagtanggap ng serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP kung sila ay:

- HINDI sumang-ayon noong nakaraan na magpatuloy sa serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP.
- Hindi nakapagbayad sa kanilang kompanya ng internet para sa serbisyo.

Kung hindi sigurado ang isang sambahayan kung noong nakaraan ay nag-opt in o nag-opt out sila na makatanggap ng serbisyo sa internet mula sa kanilang kompanya ng internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP, dapat makipag-ugnayan ang sambahayan sa kanilang kompanya ng internet at ipakipag-usap ang kanilang mga opsyon.

12. Bilang isang kasalukuyang sambahayan na tumanggap ng diskwento ng ACP, ano ang magiging hitsura ng mga abiso mula sa mga kompanya ng internet?

Sa panahon ng wind-down, kinakailangang magpadala ng mga kompanya ng internet sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng tatlong (3) magkakahiwalay na abiso tungkol sa pagtatapos ng ACP at ang epekto nito sa mga bill at serbisyo sa internet. Kinakailangan ding magpadala ng mga kompanya ng internet sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng mga nakasulat na abiso at sa paraang maa-access ng mga taong may kapansanan.

- **Unang Abiso:** Sa Enero 25, 2024, dapat nang natanggap ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ang kanilang unang nakasulat na abiso mula sa kanilang kompanya ng internet na nagpapatid na magtatapos na ang ACP at ang epekto nito sa kanilang serbisyo at bill.
- **Pangalawang Abiso:** Sa Marso 19, 2024, dapat nang natanggap ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ang kanilang pangalawang nakasulat na abiso mula sa kanilang kompanya ng internet na nagpapatid na Abril 2024 ang magiging huling buwan na makatanggap sila ng buong diskwento ng ACP, gaya ng natanggap nila sa nakaraang mga buwan.
- **Huling (Ikatlo) Abiso:** Ang abisong ito ay isasama bilang bahagi ng huling bill o billing cycle kung saan in-apply ang buong diskwento ng ACP.

13. Pinapayagan ba ang mga kompanya ng internet na kasali sa ACP na magpadala ng higit sa tatlong (3) abiso sa kanilang mga konsumer?

Oo, hinihikayat ng FCC ang mga kompanya ng internet na kasali sa ACP na magpadala ng mas maraming abiso at isama ang karagdagang impormasyon patungkol sa anumang mga murang internet plan na available. Dapat maingat na suriin ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ang mga abiso na kanilang natatanggap mula sa kanilang kompanya ng internet.

14. Ano ang mangyayari kung magbigay ng karagdagang pondo ang Kongreso para sa ACP?

Kung magbibigay ng karagdagang pondo ang Kongreso para sa ACP, magbibigay ang FCC ng karagdagang impormasyon kung paano magpapatuloy ang ACP sa panahong iyon.

15. Sa anong iba pang paraan maaaring makakuha ng mga detalye ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP patungkol sa pagtatapos ng ACP?

Bukod sa mga abiso mula sa mga kompanya ng internet, tatanggap din ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng mga abiso mula sa Universal Service Administrative Company (USAC), ang nangangasiwa sa ACP. Maaari ding bisitahin ng mga sambahayan ang fcc.gov/acp at AffordableConnectivity.gov para sa higit pang impormasyon tungkol sa status ng ACP.

16. Anong mga proteksyon para sa konsumer ang available para sa mga sambahayang naka-enroll sa ACP sa panahon ng wind-down at pagkatapos ng pagtatapos ng ACP?

Sa panahon ng wind-down ng ACP, kailangan pa ring patuloy na sundin ng mga kompanya ng internet na kasali sa ACP ang mga kinakailangan sa proteksyon para sa konsumer na nakasaad sa mga alituntunin ng ACP. May ilang mga alituntunin ng ACP na magpapatuloy kahit matapos na ang ACP. Kabilang sa mga alituntunin ng ACP ang, ngunit hindi limitado sa:

Paglilipat ng diskwento ng ACP: Sa panahon ng wind-down ng ACP, maaaring ipagpatuloy ng mga sambahayan ang paglilipat ng kanilang diskwento ng ACP sa iba pang mga nakikilahok na kompanya ng internet na patuloy na tumatanggap ng mga paglilipat sa ACP.

Pag-terminate ng Serbisyo: Hindi maaaring i-terminate ng mga kompanya sa internet na kasali sa ACP ang serbisyo sa internet ng isang kwalipikadong sambahayang naka-enroll sa ACP nang dahil sa pagkabisang magbayad ng serbisyo hanggang makalipas ang 90 araw mula sa due date ng bill. Gayunpaman, sa pamamagitan ng paunang abiso, maaaring ilipat ng mga kompanya ng internet na kasali sa ACP ang sambahayan sa mas murang plan kung naging delingkwente na sa pagbabayad ang sambahayan pagkatapos ng due date ng bill. Patuloy na ipapatupad ang alituntuning ito hangga't tumatanggap ang sambahayan ng diskwento ng ACP.

Mga Singil para sa Maagang Pag-terminate: Kung in-apply ng isang sambahayan ang kanilang diskwento ng ACP sa isang internet plan na may kontrata ng serbisyo, hindi maaaring singilin ng kompanya ng internet ang sambahayan ng singil para sa maagang pag-terminate (early termination fee) para sa pag-terminate sa nasabing kontrata ng serbisyo nang maaga, kahit pagkatapos ng pagtatapos ng ACP.

Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa ACP Wind-Down Order, ang ACP Wind-Down 60-Day Public Notice, at ang mga gabay para sa konsumer na makikita sa website ng FCC sa www.fcc.gov/acp.

17. Kung may mga tanong pa ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP, sino ang dapat nilang kontakin bukod sa kanilang kompanya ng internet?

Maaaring kontakin ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP ang USAC para sa mga tanong tungkol sa pagtatapos ng ACP sa pamamagitan ng pagtawag sa ACP Support Center sa 877-384-2575 o sa pamamagitan ng pagpunta sa AffordableConnectivity.gov para sa impormasyon tungkol sa status ng programa. Pwede ring magsumite ng reklamo ang mga konsumer sa Consumer Complaint Center ng FCC sa <https://consumercomplaints.fcc.gov> tungkol sa mga isyu sa billing at serbisyo ng ACP.

18. Ano ang dapat gawin ng mga sambahayang naka-enroll sa ACP para ihanda ang kanilang sarili sa epekto ng pagtatapos ng ACP?

Pagkatapos ng pagtatapos ng ACP, hindi na makakatanggap ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP ng diskwento ng ACP sa kanilang buwanang bayarin sa internet. Upang ihanda ang kanilang sarili sa pagtatapos ng ACP, mariing inirerekomenda sa mga sambahayan na:

- Laging i-check ang kanilang mga email, text message, at sulat para sa mga abiso mula sa kanilang mga kompanya ng internet tungkol sa pagtatapos ng ACP at kung paano ito makakaapekto sa kanilang bayarin sa internet.
- Kontakin ang kanilang kompanya ng internet at tanungin kung mayroon silang mas murang plan at/o programa para sa mga may mababang kita. Kapag tumatawag sa kompanya ng internet, dapat tiyakin ng sambahayan na nasa kanila ang impormasyon tungkol sa kanilang account at billing.
- Bisitahin ang [AffordableConnectivity.gov](https://www.AffordableConnectivity.gov) para sa mas maraming update tungkol sa ACP.
- Bisitahin ang www.fcc.gov/acp para i-access ang Wind-Down Order ng FCC, 60-day Public Notice, mga gabay para sa konsumer, at mga materyales sa outreach tungkol sa proseso ng wind-down ng ACP.

19. Ano ang dapat kong sabihin kapag nakikipag-ugnayan sa aking kompanya ng internet tungkol sa pagtatapos ng ACP?

Narito ang ilang mga rekomendasyon sa mga tanong na pwedeng itanong ng mga sambahayan kapag nakikipag-ugnayan sa kanilang kompanya ng internet tungkol sa pagtatapos ng ACP:

- Paano magbabago ang aking bayarin sa internet pagkatapos ng Abril 2024?
- Makakatanggap pa ba ako ng serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP (ako ba ay nag-opt in o nag-opt out dati)?
 - Kung oo, magkano ang aking gagastusin para sa serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP?
 - Kung hindi ako nag-opt in dati para makatanggap ng serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP, ano ang dapat kong gawin kung gusto kong ipagpatuloy ang serbisyo sa internet?
- Mayroon bang iba pang mga murang internet plan na makakatugon sa pangangailangan ng aking sambahayan?
 - Kung mayroon, paano ako makakapag-sign up para sa mas murang plan?
 - Magbabago ba ang kalidad ng aking serbisyo sa internet kapag lumipat ako sa mas murang plan?
 - Kung oo, gaano kalaki ang pagbabago?
 - Mapapansin ko ba ang pagkakaiba batay sa paggamit ko ng serbisyo sa internet ngayon?
 - Mayroon bang programa na angkop sa aking kinikita ang kompanya ng internet?
 - Kung oo, awtomatiko ba akong magiging kwalipikado dahil nakakatanggap ako ng buwanang diskwento ng ACP?
 - Kung hindi ako awtomatikong magiging kwalipikado batay sa aking enrollment sa ACP, paano ako magiging kwalipikado sa programa ng kompanya ng internet?

Dapat maging handa ang mga sambahayan na pag-usapan kung paano nila ginagamit ang serbisyo sa internet. Halimbawa, ginagamit nila ito nang paminsan-minsan o madalas kapag nagtatrabaho bilang teleworker, bilang mag-aaral na may homework, sa mga device na ginagamitan ng koneksyon sa internet. Itanong kung magkano ang magiging bayad para sa inirekomendang internet plan.

20. Ano pang ibang mga programa ng FCC ang available na makakatulong sa mga sambahayan sa kanilang bayad sa internet?

Maaari ding maging kwalipikado ang mga sambahayang naka-enroll sa ACP para sa programa ng FCC na [Lifeline](#), na nag-aalok nang hanggang \$9.25 na diskwento kada buwan sa mga serbisyo sa telepono, internet, o naka-bundle na serbisyo sa telepono at internet (hanggang \$34.25 kung nakatira ka sa kwalipikadong Tribal land). Hindi lahat ng nakikinabang sa ACP ay magiging kwalipikado para sa

Lifeline at hindi lahat ng kompanya ng internet na kasali sa ACP ay kalahok sa Lifeline Program. Para malaman ang higit pa at mag-apply, bisitahin ang lifelinesupport.org.

FAQs: Outreach at Pagbibigay Kaalaman

21. Anong mga resource ang available sa mga outreach partner para mabigyan ng impormasyon ang mga sambahayan tungkol sa pagtatapos ng ACP?

Nagbigay ang FCC ng mga updated na materyales para sa mga konsumer at outreach partner, kabilang na ang maraming materyales na available sa iba't ibang wika. Para sa higit pang materyales sa outreach para sa mga konsumer, bisitahin ang www.fcc.gov/acp.

22. Kung kailangan ng tulong ng mga outreach partner, anong suporta ang maaari nilang asahan mula sa FCC?

Ang Consumer and Governmental Affairs Bureau (CGB) ng FCC ay available para suportahan ang mga outreach partner sa iba't ibang paraan.

- **Mga Virtual Speaker ng FCC:** Magbigay ng kaalaman sa mga outreach partner at konsumer ng ACP tungkol sa pagtatapos ng ACP. Ang mga request sa e-mail ay dapat ipadala sa: acpspeakers@fcc.gov. Bilang bahagi ng request sa e-mail, dapat kasama ang impormasyon sa petsa at oras ng event, pati na rin ang inaasahang bilang ng dadalo.
- **Mga Request para sa Pag-print:** Gusto ng FCC na siguruhin na ang mga resource para sa mga konsumer tungkol sa wind-down ng ACP ay maging available sa karamihan. Kung kaya't kung gusto ng mga outreach partner na ipa-print at ipa-ship sa FCC ang mga resource na ito, maaring ipadala ang request sa acpinfo@fcc.gov. Tingnan ang format sa ibaba para sa mga request sa pag-print. Maghintay ng 2-3 linggo para sa UPS delivery.

Request para sa 500 ACP Wind-Down Fact Sheet (English)
Mary Smith
230 Main Street
Anytown, USA 90210